Mensahe Apat

## Pagkilala sa Nagpapaloob ng lahat na Kristo at Paglago sa Paglago ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Col. 1:18, 27-28; 2:2-3; 3:1-4

**I. Isang pagpapala na maaari nating makilala at maranasan ang nagpapaloob ng lahat na Kristo na inihayag sa Colosas:**

A. Si Kristo "ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia;…upang Siya [Mismo ay magkaroon] ng unang puwesto [sa lahat ng bagay]"—1:18:

1. Kapwa sa lumang nilikha at sa bagong nilikha, si Kristo ang una at ang umuokupa ng unang puwesto.
2. Kapwa sa sansinukob at sa ekklesia, si Kristo ang Isa na nangunguna.

B. "Si Kristong nasa loob ninyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian"—b. 27:

1. Si Kristo, na nananahan sa ating espiritu upang maging ating buhay at persona, ay ang ating pag-asa ng kaluwalhatian.
2. Kapag dumating Siya, tayo ay maluluwalhati sa Kanya.
3. Ipinahihiwatig nito na titigmakan ng nananahanang Kristo ang ating buong katauhan nang sa gayon ang ating pisikal na katawan ay magbagong-anyo at maiwangis sa katawan ng Kanyang kaluwalhatian.

C. Sa Colosas, ilang mahahalagang parirala ang tumutukoy sa ating karanasan kay Kristo:

1. "Si Kristong nasa lobb ninyo"—b. 27.
2. "[Ganap nang lumago kay Kristo]"—b. 28.
3. "[Lumakad kayo sa Kanya]"—2:6.
4. "Ayon kay Kristo"—b. 8.
5. "Kanyang binuhay [na] kalakip Niya"—b. 13.
6. "Namatay [na] kalakip ni Kristo"—b. 20.
7. "Tinatanganan ang Ulo"—b. 19.
8. "Mula sa Kanya"—b. 19.
9. "Lumalago sa paglago ng Diyos"—b. 19.
10. Ang mga pahayag na ito ay nagbibigay sa atin ng kumpletong larawan ng wastong karanasan kay Kristo.
11. "[Ang] hiwaga ng Diyos, si Kristo, na sa Kanya ang lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman ay nakatago"—bb. 2-3:
    a. Ang Colosas ay patungkol sa hiwaga ng Diyos, na siyang si Kristo na Ulo.
    b. Ang lahat ng kayamanan ng tunay na karunungan at kaalaman ay nakatago kay Kristo—b. 3.
    c. Ito ang espiritwal na karunungan at kaalaman ng dibinong ekonomiya hinggil kay Kristo at sa ekklesia.
    d. Ang karunungan ay may kaugnayan sa ating espiritu, at ang kaalaman ay may kaugnayan sa ating kaisipan—Efe. 1:8, 17.
12. "Sa Kanya ay nananahan ang buong kapuspusan ng [pagka-Diyos sa katawan], at kayo ay [napuspos sa Kanya]"—Col. 2:9-10:
    a. Ang nananahan kay Kristo ay hindi lamang ang kayamanan ng pagka-Diyos bagkus ang kahayagan ng kayamanan ng kung ano ang Diyos.

b. Ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos ay nananahan kay Kristo bilang Isa na may pantaong katawan.

D. "[Kaya't] kung kayo nga ay ibinangong kalakip ni Kristo, hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Kristo, na nakaupo sa [kanang kamay] ng Diyos"—3:1:

1. Ipinahihiwatig sa mga bersikulo 1 hanggang 4 na kay Kristo mayroon tayong isang posisyon, isang buhay, isang pamumuhay, isang hantungan, at isang kaluwalhatian.
2. Ang Diyos sa kalangitan ay dapat maging kinasasaklawan ng ating pamumuhay; kay Kristo dapat tayong mamuhay sa Diyos.

**II. "Tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na [masaganang tinutustusan]..., ay lumalago sa paglago ng Diyos"—2:19:**

A. Ang lumago ay ang maidadag si Kristo tungo sa atin—1 Cor. 3:6-7; Gal. 4:19.

B. Ang paglago ng Katawan ay nakadepende sa kung ano ang nagmumula kay Kristo bilang Ulo—Efe. 4:15-16:

1. Kapag ang Katawan ay natutustusan sa pamamagitan ng pagtangan sa Ulo, ang Katawan ay lumalago sa paglago ng Diyos—Col. 2:19.
2. Ang Katawan ay lumalago mula sa Ulo, sapagkat ang lahat ng panustos ay nagmumula sa Ulo—Efe. 4:15.

C. Ang paglago ng Katawan ay nakadepende sa paglago ng Diyos, sa pagdaragdag ng Diyos, sa pagdami ng Diyos, sa loob natin—Col. 2:19:

1. Ibinibigay ng Diyos ang paglago sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang sarili sa atin sa isang subhektibong paraan.
2. Lalong naidaragdag ang Diyos tungo sa atin, lalong paglago ang ibinibigay Niya sa atin, ito ang paraan na ibinibigay ng Diyos ang paglago—1 Cor. 3:6-7.
3. Tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng paglago; tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng Kanyang sarili sa atin, at kung wala Siya, hindi tayo magkakaroon ng paglago—bb. 6-7:
   a. Ang pagdaragdag ng Diyos tungo sa atin ay ang paglago na Kanyang ibinibigay.
   b. Ang bigyan tayo ng Diyos ng paglago sa katunayan ay nangangahulugang ibinibigay Niya ang Kanyang sarili—Roma 8:11.

D. Ang paglago ng Katawan ay ang pagtatayo ng Katawan—Efe. 4:16; Col. 2:19:

1. Inookupahan ng Efeso 4:12-16 ang isang espesyal na lugar sa Bagong Tipan dahil ipinakikita nito ang hiwaga hinggil sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.
2. Ang paglago ng Katawan ni Kristo ay ang pagdami ni Kristo sa ekklesia, na nagreresulta sa pagtatayo ng Katawan sa pamamagitan ng Katawan mismo—3:17a:
   a. Nang pumasok si Kristo sa mga banal at namuhay sa loob nila, ang Kristong nasa loob ng mga banal ay naging ang ekklesia—Col. 3:10-11.
   b. Ang Katawan ni Kristo ay lumalago sa paglago ni Kristo sa loob natin at naitatayo sa ganitong paraan—1:18; 2:19.

3. Ang pag-ibig na ipinangtatayo ng Katawan sa sarili nito ay hindi ang ating sariling pag-ibig kundi ang pag-ibig ng Diyos kay Kristo, na nagiging pag-ibig ni Kristo sa atin, na ipinag-iibig natin kay Kristo at sa kapwa mga sangkap ng Kanyang Katawan—1 Juan 4:7-8, 11, 16, 19; Roma 5:5; 8:39:
    a. Ang pag-ibig ay ang panloob na substansiya ng Diyos; kapag pumasok tayo sa panloob na substansiya ng Diyos, matatamasa natin ang Diyos bilang pag-ibig at matatamasa ang Kanyang presensiya sa katamisan ng dibinong pag-ibig, at sa gayon ay iniibig ang iba gaya ng ginawa ni Kristo—Efe. 5:25.
    b. Sa gayong pag-ibig na tinatanganan natin ang katotohanan, yaon ay, si Kristo kasama ang Kanyang Katawan, at naiingatan mula sa pagiging naimpluwensiyahan ng mga hangin ng pagtuturo at mula sa pagpapasok ng mga elemento na dayuhan sa Katawan—4:14-15.

© 2023 Living Stream Ministry